**TAYO – TAYO RIN [MDG ANTHEM]**

*Lyrics: Cecilia Datu / Music: Rico Blanco*

[Chord Cifra by Dino Subingsubing of UNFPA]

***Chorus:***

***C[pause]                    F[pause]***

Sino pang magdadamayan

***          Dm[pause]  G[pause]***

Kundi tayo – tayo rin?

***                    C[pause]            F[pause]***

Kung may pagkakataong tumulong

***Dm[pause]      G[pause]***

Huwag palampasin

***              Am[pause]   G[pause]    F    D7/F#[pause]***

Simulan na'ng magtanim ng mabubuting gawain

***               F[pause]   G[pause]     C-------------***

Dahil sino pa'ng aani kundi tayo – tayo rin.




**D7/F#**

*Stanza I:*

***C                    F                              Dm***

Kung dumaraing ka / Masdan mo ang musmos

***                                  G***

Gusto sanang mag-aral / Ngunit nanlilimos

***C                    F                              Dm***

Kung nagigipit ka / Masdan mo ang dalaga

***                              G***

Di maabot ang pangarap / Dahil babae siya

*Pre-Chorus*

***Am             Am+M7***

Bawat tao'y may problema

***Am7                      D7/F#***

Ngunit bawat tao'y may lakas

***F                    C/E***

Magsikap ka, magsama-sama

***Eb                    G-G7sus***

Lahat ng iya'y may lunas!

*[Repeat Chorus, with chords strummed continuously]*

*Stanza [use first stanza chords]*

Kung nalulungkot ka / Masdan ang isang ina

Di mabigyang buhay / Ang sanggol niyang dala

Kung nangungulila / Masdan ang may sakit

Hangad niya ay unawa / ngunit walang lumalapit.

*[Repeat Pre-Chorus]*

*[Repeat Chorus]*

*Bridge*

***Am                             G***

Halika, kumilos ka, sabay tayo

***F                    G                    A[sus] (break) – D ------------------- A[sus]***

Tara may oras pa, tulungan tayo! [Narration]

*[Repeat Chorus 2X, using these chords:* ***D – G – Em – A7sus (2X), Bm – A – G – E7/G# - G – A7sus – D****]*

**BATA PA AKO**

*Lyrics and Back-Up Vocals: Cecilia Datu / Music: Allan Feliciano*

[Chord Cifra by Dino Subingsubing of UNFPA]

***Intro: C[9] – F[9] (2X)***

***C G/B Am Am/G***
Di ka ba nagtataka / Ako’y nasa lansangan
***F C/E Dm G***
At ikaw ay nasa sasakyan / Papuntang paaralan
***C G/B Am Am/G***
Makatapos kaya ako / Kahit mga libro’y pinaglumaan mo
***F C/E Dm G***
Pangarap lang ba / Pagkat mahirap lang ako?

C add9



***G/B***





***Am/G***

*Pre – Chorus*
***F C/E Dm C/E***
Puwede bang sumali sa inyong laro
***F C/E Dm G, C7***
Kahit na kunwa – kunwaring nag-aaral din ako.



***C/E***

*Chorus*
***F G/F Em Am***
Dala ba ng tadhana na tayo’y magkaiba
***F G/F Em Am***
Sana balang araw maging tulad din kita
***F C/E Am Am/G D7/F#***
Paano bang sumulat, magbasa ng gaya mo?
***F C/E F G C[pause]***
Bata, alam mo ba, na bata rin ako?



***G/F***

*[First stanza chords]*
Musmos pa rin ako / Di lang napapansin
Magulang at kapatid / Nakaasa sa akin
Bata sino ba / Ang nagturo’t gumagabay sa iyo
May pag-asa pa ba’ng / Maturuan din niya ako?

*[Repeat Pre-Chorus, Chorus]*
*Bridge:*
***Am G F C/E***
Sa lahat ng inaasam / Isa ang pinakagusto
***Dm,C,Bb F G[harmonics]***
Na sana pagtanda natin / Wala nang batang tulad ko.
*[Repeat Pre-Chorus, Chorus]*
***F C F G C***
*Coda:* Bata, alam mo ba, na bata pa ako

**BABAE**

*Lyrics: Divina Gil Reyes / Music: Allan Feliciano*

*[Chord Cifra by Dino Subingsubing of UNFPA]*

***Intro: C – F – C/E – Dm [2X]***

***G Am G Am***

Hindi ako isang laruan / Hindi basta binibigay kaninuman

***Bb F G – F – C - Dm***

Babae ako / Igalang mo

***G Am G Am***

Itong nagbibigay – buhay kong katawan / Hindi nilikha upang saktan

***Bb F G – F – C - Dm***

Babae ako / Alagaan mo.

*Chorus I*

***F – Em (or C/E) – Dm – C/E***

Kailan mo ba matutunan

***F Em (or C/E) – Dm – C/E***

Igalang ang aking mga karapatan

***F – Em (or C/E) – Dm – C/E***

Kailan mo mauunawaan

***F Dm7/G***

Ang lakas na aking tangan?

*[First stanza chords]*

Hindi ako mababa sa iyo / Ang kaya mong gawin ay kayak o

Babae ako / Kapantay mo

Magandang buhay, nasa aking palad / Huwag mong pigilin ang aking paglipad

Babae ako / Malaya ako.

*Repeat Chorus I*

*Chorus II [chords one step higher]*

***G D/F# Em D/F#***

Kailan kaya makikita ng mundo

***G D/F# Em D/F#***

Magkakaiba man ay pantay – pantay naman tayo

***G D/F# Em D/F# G A7sus***

Lahat ng kababaihan / Ipakita ang inyong KAPANGYARIHAN.

***G – D/F# - Em – D/F#***

*Coda:* Babae ako [*fade*]

# KUNG SANA'Y

*Lyrics: Jingle Buena / Music: Mike Villegas*

[Chord Cifra by Dino Subingsubing of UNFPA]

*Original key is in Eb*

***Intro: E ~B/Eb ~A/C# [4X]***

***E                    B/Eb     C#m         B***
Sa iyong mga ngiti / Di nakita ang ligaya
***         A         E/G#                F#         B7sus***
Ang tanging pag-asa / Na sana'y mas higit pa
***E                        B/Eb            C#m       B***
Sa iyong munting kamay / Nakaligtaang ialay
***A                    E/G#            F#           B7sus [pause]***
Lubos na pagkalinga't / Sapat na pagmamahal



***B/Eb***



***A/C#***



***E/G#***



***AM9***



***B7sus***

*Chorus I*

***         A[M9]                    E***
Kung sana'y naibigay ko ang lahat
***         A[M9]            E/G#***
Kung sana lahat kinaya ko
***         A[M9]            E/G#, C#m[7]***
Kung sana'y narito ka pa
***F#m[7]            B7sus[pause] [Repeat Intro]***
Hanggang ngayon, anak ko.

*[First stanza chords]*

Mayroon akong nakita / Sa aking panaginip
Ang sana'y pag-asa / Kapiling at umaawit
Nagdulot ka ng tuwa / At ako ay napaluha
Dahil sa sinabi mo / Na ako'y mahal mo.

*Chorus II [use Chorus I chords]*

Kung sana mundo ay may kalinga
Kung sana'y pag-ibig nadama
Kung sana'y narito ka pa
***                          E7***
Buhay ngayon, anak ko

*Bridge:*

***A                    B/A      E/G#    C#m***
Wala nang hahapdi pa sa nadarama
***         F#                          B7sus – C7sus***
Ng isang magulang, ng isang nawalan.

*Chorus III [use these chords:* ***BbM7 – F[M7] – BbM7 – F[M7] – BbM7 – F[M7], Dm7 – Gm7 – C7sus]***

Kung sana'y naibigay ko ang lahat
Sana, lahat kinaya ko
Kung sana'y narito ka pa
Hanggang ngayon, anak ko.

***Extro: F ~C/E, Bb/D [4x] – F***

**SA SINAPUPUNAN KO**

*Lyrics: Divine Gil Reyes / Music: Arnold Buena*

[Chord Cifra by Dino Subingsubing of UNFPA]

***Intro: AM7 – GM7 [2X] pause***

La la la la la, la la la la…….. *Makinig kayo.*

***AM7 Bbdim7 Bm7 E7sus***

Habang pinagmamasdan sa salamin

***AM7 Bbdim7 Bm7 E7sus***

Ang katawang bigay ng langit sa akin

***DM7 GM7***

Gumaganda, gumaganda

***AM7 – GM7***

Parang diyosa.



***Bbdim7***

*[First stanza chords]*

Habang lumalaki ang aking tiyan

Lalong napupuno ng kaligayahan

Anong saya, anong saya

***A7sus***

Maging isang ina.

*Refrain:*

***DM7 C#m7***

Narito sa sinapupunan ko [mo]

***Bm7 AM7***

Ang bagong binhi ng buhay

***DM7 C#m7***

Kaya aalagaan ang katawan ko [mo]

***Bm7 E7sus***

Pagkat himala ang pagiging nanay, nanay

SPOKEN: *[First stanza chords]*

Ang kalusugan ng ina ay dapat bantayan

Laging patingnan bawat pagbabago sa katawan

Tamang pagkain, wastong pahinga

Kailangang malusog para sa pamilya.

Malaking tungkulin ang pagiging ina

Pasukin mo lang pag talagang handa ka

At talagang gusto mo, hindi yung aksidente

Hindi yung pagsisisihan mo sa huli.

*[Repeat Refrain]*

*[First stanza chords]*

Babae, alamin ang iyong kahalagahan

Ikaw rin ay biyaya ng kalikasan

Alagaan mo, alagaan mo

***[Intro chords]***

Ang iyong katawan

**KALINGA**
*Lyrics: Jingle Buena / Music: Sammy Asuncion*
[Chord Cifra by Dino Subingsubing of UNFPA]

***Intro: F# - E  [2X]***
***F#                    E           F#              E***
Alam mo ba ang nadarama ng isang iniiwasan?
***F#                  E         F#                  E***
Alam mo ba ang naiisip ng isang may sakit?
***G#          F#     G#         F#***
Mahirap isipin ang mga bagay
***G#          Bb                  B                   C#[7]***
Na di mo kinalalagyan, na di mo nararanasan.

*Koro:*
***F#       E          B/Eb     F#           E***
Ngunit nandito ako ipinakikita sa inyo
***F#            E   B/Eb   F#                     E***
Ang aking sinapit dahil sa natamong sakit
***F#             A***
Nandito ako umaabot sa inyo
***G#m                          G[7]               [intro]***
Humihingi ng kalinga, hindi ng inyong awa.

*[Tipa ng unang saknong]*
Maraming nagsasabi, sa huli ang pagsisisi
Ngunit kundi dahil sa pagsisisi, aral ay isasaisantabi
May bukas pa para sa akin, may landas pang tatahakin
Mundo’y lalagyan ng kulay, habang ako’y may buhay.

*[Koro]*
*Koda:*
***F#                  E***
Aking nais, kaibigan ko
***B[/Eb] pause       [Intro once B, F#]***
Unawa’t kalinga mo.